Ang REBOLUSYONARYONG
# LUNAS

*Ang Opisyal na Pahayagan ng Makabayang Samahang Pangkalusugan - National Democratic Front of the Philippines (MSP-NDFP)*

**Isyu Bilang 1 | 2024**



# MGA NILALAMAN


**3** Ang Makabayang Samahang Pangkalusugan at ang papel nito sa Pambansang Demokratikong Rebolusyon ng Bayan

**5** Editoryal:
*Wakasan ang Pahirap, Korap at Papet na Rehimeng US-Marcos! Isulong ang Demokratikong Rebolusyon ng Bayan hanggang sa Tagumpay!*

**8** Pagpupunyagi ng mga Pulang Medik ng BHB

**11** Ka Kara: Medik, Martir, Rebolusyunaryo

**14** Solusyon sa Krisis Pangkalusugan: Demokratikong Rebolusyon ng Bayan!

**18** Sining at Panitikan:
*Manggagawang Pangkalusugan, Bayani ka nga ba?*




*Likha ni Amparo Mariano*

## Tungkol sa Isyu:

Ang Rebolusyunaryong Lunas ang opisyal na publikasyon ng Makabayang Samahang Pangkalusugan (MSP-NDFP).

Lubos na ipinagmamalaki ng MSP ang isyu na ito bilang panunumbalik ng publikasyon makalipas ang higit sa dalawang dekada mula sa pinakahuling isyung nailimbag. Ito ay tatampukan ng iba't ibang istorya at lathalain ng mga rebolusyunaryong kasamang nagpapanday ng isang rebolusyonaryong sistemang pangkalusugan.

Ang editoryal ay maglalantad sa kasalukuyang reaksyunaryong estado sa ilalim ng pasista, pahirap, papet, at kurap na si Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. Patuloy ang paghihimagsik ng rehimeng US-Marcos Jr. na kumikitil sa mamamayang lumalaban at humahadlang sa pambansang kalayaan.

Tampok ang istorya ng martir at rebolusyonaryong si Ka Kara, isang manggagawang pangkalusugan mula Maynila na buong-lakas na nag-alay ng buhay sa kanayunan. Siya ay nagsilbi bilang doktor ng bayan na tumulong para sa mga kasamang may medikal na pangangailangan. Pagpapatunay ito na malaki ang papel ng sektor pangkalusugan para sa pagtatagumpay ng rebolusyon.


Dagdag pa rito, ipinapaalala ng Rebolusyonaryong Lunas ang mahigpit na pagyakap ng MSP sa demokratikong rebolusyong bayan bilang tanging solusyon sa krisis pangkalusugan.

Pinakahuli, ang tulang inilathala ay mensahe para sa mga manggagawang pangkalusugan na patuloy na magpalakas at magpaunlad sa bilang, praktika, at teorya sa kabila ng mga hamon ng nabubulok na sistemang pangkalusugan. Nawa ay  mas marami pa ang maging katulad ni Ka Kara na tumangan sa pinakamataas na porma ng pakikibaka – ang armadong pakikibaka.

Isulong at ipagtagumpay ang pambansa-demoktratikong pakikibaka na may sosyalistang perspektiba!

# Ang MAKABAYANG SAMAHANG PANGKALUSUGAN

## *at ang papel nito sa Pambansa Demokratikong Rebolusyon ng Bayan*



**Sa muling pagbabalik ng Ang Rebolusyonaryong Lunas, magbalik-tanaw tayo sa ilang mahahalagang punto hinggil sa ating organisasyon.**

Ang **Makabayang Samahang Pangkalusugan (MSP)** ay ang lihim na pambansa-demokratikong pangmasang organisasyon ng mga nasa sektor pangkalusugan: propesyunal, manggagawa, at estudyante mula sa iba't ibang pampubliko at pribadong ospital, institusyon, ahensya, o paaralan. Ito ay naniniwala na ang kalunus-lunos na kalagayang pangkalusugan ay nakaugat sa mga batayang suliranin ng ating lipunan. Ang mga ugat ng kahirapang ito ang nagbubunsod at nagpapalala ng sakit, kahirapan at kamatayan. Samakatuwid, ang paglunas sa ugat ng kahirapan – imperyalismo, pyudalismo, at burukrata kapitalismo ay ang lunas din sa bulok na sistemang pangkalusugan.

May limang (5) **pangunahing tungkulin** ang MSP upang isulong at ipagtagumpay ang pambansa demokratikong rebolusyon ng bayan:

1 Pagkaisahin at pakilusin ang sektor pangkalusugan upang gampanan at paunlarin ang rebolusyonaryong gawaing pangkalusugan na sumusuporta sa armadong pakikibaka at pagbubuo ng baseng masa.

2 Ilantad at labanan ang reaksyunaryong estado na nagpapanatili sa mala-kolonyal at mala-pyudal na sistemang panlipunan at bulok na sistemang pangkalusugan.

3 Makilahok sa rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan at kalunsuran. Lumaban para sa demokratikong interes at pampulitikang karapatan ng mamamayan at sektor pangkalusugan.

4 Makilahok sa armadong pakikibaka. Buuin ang pinakamalawak na suporta para sa rebolusyon.

5 Makiisa sa mga maka-mamamayan at progresibong pwersa sa labas ng bansa. Mangalap ng malawak na suporta para sa pakikibaka para sa kalusugan sa partikular at sa rebolusyong Pilipino sa kabuuan.

***Kasaysayan ng MSP***

Noong dekada 70, sa gitna ng krisis at tumitinding paglaban ng mamamayan sa karahasan at kahirapan, mayroong mga pambansa-demokratikong organisasyon ang sumibol at nakapag-organisa sa hanay ng sektor pangkalusugan. Ito ay ang Makabayang Samahang Medikal (MASMED - Patriotic Medical Association), Progresibong Kilusang Medikal (PKM - Progressive Medical Movement), at Makabayang Samahang Narses (MASANA - Patriotic Nurses' Association). Ang mga ito ay nanguna sa pakikiisa ng sektor pangkalusugan sa pakikibaka ng magsasaka, manggagawa at maralitang tagalunsod.

Nang ideklara ng diktador na si Ferdinand Marcos Sr. ang batas militar noong 1972, maraming aktibista sa sektor ang nagbigay ng serbisyo sa kanayunan at nanggamot, nagbigay ng mga pagsasanay, at direktang sumapi sa Bagong Hukbong Bayan. Marami sa kanila ang nagsilbing "medik" sa mga sonang gerilya. Sa pamamagitan nila, unti-unting nasimulan at lumawak ang rebolusyonaryong gawaing pangkalusugan iba't ibang bahagi ng kapuluan.

Taong 1980-85, nagsimula ring dumami ang mga programa at organisasyon ng mga manggagawang pangkalusugan, propesyunal, at estudyante sa kalunsuran. Mahigpit itong nakaugnay sa mga organisasyong masa ng magsasaka, manggagawa at maralitang tagalunsod. Lumawak at lumalim ang pag-oorganisa ng MSP.

Taong 1986-1994, dahil sa matitinding pagsubok at pagkakamali na kinaharap ng buong rebolusyonaryong kilusan, ang MSP man ay humupa at bumaba ang antas sa iba't ibang larangan ng gawain. Sa panahong ito, nagkaroon ng biyakan sa tangan na linya. Ang mga piniling magwasto at pangibabawan ang mga kahinaan ay nanatili sa MSP kasama ng buong rebolusyonaryong kilusan. Ang MSP ay tumalima sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto upang mas patatagin ang mga batayang prinsipyo at ibayong isulong ang armadong pakikibaka sa larangan ng gawaing pangkalusugan. Binigyang-diin ang konsolidasyon para sa pang-ideolohiyang pagkakaisa sa pamamagitan ng puspusang pag-aaral, integrasyon sa kanayunan, at pagpuna-at-pagpuna-sa-sarili.

Ang suporta at paglahok ng peti-burgesya sa pambansa demokratikong rebolusyon ay mahalaga upang magtagumpay ang laban sa mga kaaway ng mamamayan. Ang kalakhan ng mga nasa pormal na sektor pangkalusugan ay kabilang sa peti-burgesya at bahagi ng nagkakaisang prente. Mayroon itong natatanging papel at pampulitikang tungkulin sa pakikibaka para sa pambansang paglaya.#





# Editoryal

## WAKASAN ANG PAHIRAP, KORAP AT PAPET NA REHIMENG US-MARCOS!





## ISULONG ANG DEMOKRATIKONG REBOLUSYON NG BAYAN HANGGANG SA TAGUMPAY!

Dalawang taon pa lamang sa poder ng kapangyarihan ngunit labis-labis na ang pagpapahirap ng rehimeng Marcos Jr. sa sambayanang Pilipino. Sa nagdaang dalawang taon sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr, bumagsak ang ekonomya at kabuhayan ng mamamayan, higit na naging mabalasik ang terorismo ng estado sa panunupil sa demokratikong karapatan at pandarahas sa mamamayan. lumubha ang korapsyon at pagkagahaman, at lalong lumala ang pagpapakatuta papet na rehimen sa imperyalismong US.

Nakahalagang pagkaisahin, tipunin ang nag-uumapaw na galit ng sambayanang Pilipino sa pahirap, korap, pasista at papet na rehimeng US-Marcos na nagsasadlak sa kanila sa higit na pang-aapi, kahirapan at pagdurusa. Padalunguyin ang pagkilos ng mamamayan sa lahat ng porma ng paglaban at isulong ang demokratikong rebolusyon ng bayan hanggang sa tagumpay.

***Wakasan ang korap at pahirap na rehimeng US-Marcos Jr***

Walang habas ang pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin at serbisyo. Ang bigas na pinakamahalagang pagkain ng bawat pamilyang Pilipino ay sumirit na ang presyo sa P60 bawat kilo, malayung-malayo sa ipinangakong P20 bawat kilo ni Marcos Jr. Hindi rin maampat ang pagtaas ng presyo ng gulay, isda at iba pang pagkain.  Gayundin, halos linggu-linggo ang pagtaas ng presyo ng gasolina at iba pang produktong petrolyo.

Habang tumataas ang presyo ng mga bilihin, nanatiling mababa at nakapako ang minimum na sahod ng mga manggagawa. Napakaliit ng itinaas na P35 bawat araw na sahod, P645/araw (at ito ay sa National Capital Region lamang) sa dating P610 na minimum na sahod upang matugunan ang P1,207 bawat araw na family living wage sa



pamilyang mayroong 5 miyembro. Gayundin, sabay-sabay na nagpahayag ng pagtutol ang mga empleyado ng gubyerno sa inilabas na Executive Order 64 ni Marcos Jr. na nagsasaad ng kakarampot na  P530/bawat buwan o P24/bawat araw na dagdag sa sweldo ng Grade I, Step I na kawani ng gubyerno na ni hindi sasapat upang makabili ng isang kilo ng bigas. Kasabay nito, nagpapatuloy ang masidhing problema ng kawalan ng trabaho – milyun-milyong Pilipino ang walang hanapbuhay, disenteng trabaho o sapat na kita.

Ibinabaon ng rehimeng US-Marcos Jr sa napakalaking pagkakautang ang mamamayang Pilipino sa walang kasimbilis na pangungutang ni Marcos Jr. Umabot na sa P15.3 Trilyon ang utang ng bansa nitong Mayo 2024. Sa loob lamang ng dalawang taon, umabot sa P204.7 bilyon ang inutang ni Marcos Jr. Sa laki ng pagkakautang, nangangahulugan ito na bawat isa sa 112.4 milyong Pilipino ay may pagkakautang na P136,543.

Sa kabilang banda, walang patumangga ang pagpapasasa ng rehimen sa kaban ng bayan. Bilyun-bilyong piso ang hawak-hawak na pondo ni Marcos Jr. mula sa Maharlika Investment Fund (MIF) para sa kanilang kapakinabangan. Sumisingaw din ang iba't-ibang kaso ng korupsyon sa ismagling lalo na ng mga produktong pang-agrikultura, pumalyang bilyun-bilyong pondo para sa flood control project, anomalya sa Philhealth at marami pang iba.

Nakakarimarim na mula nang maupo, ang mga kaso ng pamilyang pinatalsik dahil sa daan-dang bilyong pagnanakaw sa kaban ng bayan ay paisa-isa nang naabswelto.

Kung kaya't sa harap ng walang habas na paghihirap, mahalagang ibayong isulong ang mga pakikibaka laban sa pagtaas ng presyo, para sa dagdag na sahod at sweldo, trabaho at kabuhayan at itaas ang mga pakikibakang ito sa rebolusyonaryong pakikibaka.

***Wakasan ang pasistang atake at paghahari ng rehimeng US-Marcos***

Pasismo ang tugon ng rehimeng US-Marcos sa kahiingan at paglaban ng mamamayan upang maibsan ang kanilang paghihirap. Sa saliw ng "Bagong Pilipinas" na walang pinag-iba sa himig ng Bagong Lipunan, ikinukubli at nililinlang ng rehimen ang mamamayan sa tunay na katangiang pasista ng kanyang pamamahala.



Sa nagdaang dalawang taon, walang kasing-bangis ang karahasan ng rehimen sa mamamayang Pilipino at panunupil sa karapatang-tao. Pinakawalan ng rehimeng US-Marcos ang mga berdugong militar at pulis upang supilin ang paglaban ng ginugutom at pinahihirapang sambayanan.

Gamit ang mga pasistang batas na Anti-Terror Law at Terrorism Financing Prevention and Suppression Act, pinatatatahimik at ginigipit ng rehimen ang mga kritiko at maging karaniwang

mamamayan na nagsasalita laban sa kanyang rehimen.

Sa nakalipas na dalawang taon, 424,679 (mula Hunyo 2022 hanggang Hunyo 2024), 424, ang bilang ng mga naging biktima ng paglabag sa karapatang pantao gaya ng pagpaslang, pananakit, pagdukot, pag-torture, sapilitang ebakwasyon, pag-aresto at detensyon, nabigong pagpaslang, pagbabanta, panggigipit at intidmidasyon sa buong bansa.

Punung-puno ng inutang na dugo ng lumalabang mamamayan ang kamay ng rehimeng US-Marcos Jr at nararapat itong singilin ng rebolusyonaryong hustisya at rebolusyonaryong paglaban ng mamamayan.

***Wakasan ang pangangayupapa sa Imperyalismong US. Ibagsak ang papet na rehimeng Marcos Jr.***




Dalawang taon mula nang maupo, walang kaparis ang pagpapakatuta ng rehimeng Marcos Jr sa master nitong imperyalistang Estados Unidos. Sa ilalim ng kanyang pamumuno, isinuko ni Marcos Jr ang kasarinlan at soberanya ng Pilipinas sa imperyalismong US kapalit ng ayudang militar, pampulitikang pabor at pangakong pamumuhunan. Ipinagtayo ni Marcos ang US ng mga dagdag pang base militar at pasilidad sa iba't ibang panig ng bansa upang ipwesto ang mga dayuhang trop at armas.

Pinahintulutan niya ang pagpasok ng libu-libong dayuhang tropang militar lalo na ng US sa tabing ng Balikatan Exercises at Visiting Forces Agreement. Ipinapagamit ni Marcos Jr. sa US ang Pilipinas bilang lunsaran ng mga operasyong militar alinsunod sa estratehiyang heyopulitikal nito laban sa imperyalistang karibal na China.

Napakadilim ng kinabukasan ng sambayanang Pilipino sa ilalim ng Rehimeng US-Marcos. Walang maasahan ang mamamayan kundi ang tumindig, lumaban at sama-samang kumilos upang ipaglaban ang kanilang kabuhayan, ang kanilang pambansa at demokratikong interes. Kailangang ihanda ang hanay at ibuhos ang lakas at pataasin ang paglaban sa pagtahak sa landas ng demokratikong rebolusyon ng bayan.

Batid ng malawak na masa ng mamamayan, kabilang ang manggagawang pangkalusugan na dapat ipakita at iparamdam ang kanilang pagkamuhi sa paghahari ni Marcos Jr. Yayanigin at wawakasan ng rebolusyonaryong lakas ng sambayanan ang pahirap, korap at pasistang rehimeng US-Marcos.#



# Pagpupunyagi ng mga Pulang Medik ng BHB



Matapang na hinaharap ng mga Pulang medik ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang pinaigting na gyerang kontra-rebolusyunaryo ng rehimeng US-Marcos Jr. Sa isang rehiyon sa labas ng Luzon, patuloy nilang ginagampanan ang kanilang mga tungkulin sa harap ng mga bagong hamong ito.

Sa kanilang rehiyon, mistulang sirang plaka ang militar sa pagdedeklara ng mga dedlayn ng pagtapos sa rebolusyonaryong kilusan, na paulit-ulit din namang nabibigo at nauurong. Bagama't sinasabing humina na umano ang BHB, walang humpay naman ang pagbuhos ng mga pasistang tropa ng estado patungo sa kanayunan upang galugarin ang mga bukirin at sakupin ang mga baryo. Walang tigil ang mga teroristang pambobomba, saywar sa pamamagitan ng sapilitang pagpapasuko, at paglabag sa karapatang pantao ng mga magsasaka.

Ang mga hamong ito ang sinisikap na pangibabawan ng mga rebolusyonaryong pwersa, kabilang dito ang bagong dugo ng mga Pulang medik.

Sa ilang naging depensiba ng BHB (kabilang ang teroristang pambobomba ng Armed Forces of the Philippines), nakapagsagawa ng pangunang lunas at menor na operasyon ang mga Pulang medik sa mga kasamang nasugatan. Ito ay habang nagmamaniobra ang kanilang mga yunit patungo sa mas ligtas na lugar kasama ang kanilang mga pasyente at para iwasan ang makakapal na

pormasyon ng mga pasistang tropang sumusukol sa kanila.

Sa isang pagkakataon, nakapagbigay din sila ng pangunang lunas sa isang magsasakang natamaan ng bala dahil sa pag-iistraping ng mga sundalong bahagi ng isang malawakang operasyon. Nabaon sa likod ng magsasaka ang bala. Dahil sa agap at tamang pagtugon ng mga medik, naiwasang maimpeksyon ang sugat. Natiyak din ang seguridad ng masa at ng mga kasama.

Nagagawa pa rin ng mga Pulang medik na magbigay ng serbisyong medikal at edukasyon sa masa, sa kabila ng presensya ng mga sundalo sa mga baryo sa tabing ng huwad na Retooled Community Support Program (RCSP). Noong kasagsagan ng pandemya, nakapagsagawa sila ng treyning, klinikang bayan, at kampanyang impormasyon sa organisasyong masa hinggil sa Covid-19 sa mga baryo.

Gayon na lang din ang init ng suporta sa kanila ng mga kasama at masa, na mahigpit nilang katuwang para maisakatuparan ang kanilang mga layunin.

***Sabak sa praktika***

Gaya ng ibang mga Pulang mandirigma, karamihan sa kanila ay galing sa uring magsasaka. Habang mayroong napakaghayskul, mayroon ding hindi nakapagtapos ng elementarya. Mayroon ding ni hindi nakatunton ng eskwelahan at natuto nalang magbasa at sumulat sa loob ng hukbong bayan.

Ang ilan din sa kanila ay batayang kursong pangmedikal pa lamang ang nakukuha. May ilang hindi pa nakalalahok sa pormal na pagsasanay. Ngunit ang kasalatang ito ay pinunan ng direktang karanasan at pagsisikap nilang matuto.

Sa pamamagitan ng regular na pag-ases at pagpuna at pagpuna-sa-sarili (CSC) ng grupo ng mga medik, agap din nilang natutukoy ang mga problema sa kanilang gawain at nabibigyan ito ng solusyon.

***Kahanga-hanga ang ipinamalas na tapang, katatagan ng loob, pagkamalikhain, at dedikasyon sa tungkulin ng mga Pulang medik sa gitna ng napakahirap nilang sitwasyon.***

***Namaksimisa nila kung anong kagamitan, tauhan, at rekurso na nasa palibot para sa kagalingan ng kanilang pasyente.***

Kung tutuusin, sanay sa hirap ang mga Pulang medik. Kinalakihan na nilang hindi abot-kaya ang serbisyong pangkalusugan ng reaksyunaryong gubyerno. Kung magkasakit sila, ni hindi sila nakakapunta sa klinika sa bayan dahil ilang oras pa ang layo nito.

Sa tulong ng hukbong bayan, nakatatanggap pa sila ng karagdagang edukasyon at treyning upang mapagsanib ang tradisyunal at modernong paggagamot, at hasain sila sa siyentipikong pamamaraan ng paggagamot.

Tuwiran nila itong naisasapraktika bilang kasapi ng barrio medical group o sa pagsali sa hukbong bayan.

***Mas mataas na kahandaan***

Sa harap ng papatinding atake ng pasistang estado, batid ang BHB ng pangangailangang pataasin ang kaalaman at kakayanan ng lahat ng kasapi nito sa aspetong medikal.
Sa isang yunit gerilya ng BHB, bahagi ito ng kanilang gawaing pampulitika. Sa mga panahong ipinahihintulot ng seguridad, ang isang araw sa isang linggo ay itinatakda bilang "medical day." Kalakhan ng aktibidad ng mga kasama sa araw na ito ay may kinalaman sa gawaing medikal.

Tuwirang lumalahok ang mga Pulang mandirigma -- upisyal medikal man o hindi -- sa iba't ibang

praktikal na gawain gaya ng pagkuha ng presyon, pangangalap o paggawa ng mga tradisyunal na gamot, at pag-check up at pagbibigay ng serbisyong medikal sa mga kasama.

Maging ang tema ng discussion group (diskusyon na palitan ng kuru-kuro ng mga kasama) ay nakasentro sa mga napapanahong usaping medikal sa yunit, gaya ng kahalagahan ng kalinisan sa katawan at kapaligiran, wastong nutrisyon, pangunang lunas, at tradisyunal na paggagamot. Maging ang mental health at ang kalagayan ng sistemang pangkalusugan sa ilalim ng sistemang malakolonyal at malapyudal ay napag-uusapan din. Nagtutulungan ang mga medik at kadre na may sapat na kaalaman sa topiko na gabayan ang daloy ng talakayan.

Para sa mga medik, mahalaga ang mga gawaing ito upang samantalahin ang bawat pagkakataon para mabigyan ng batayang kaalaman at kasanayang medikal ang lahat ng Pulang mandirigma, labas sa mga pormal na kurso.

***Kaya kahit noong hindi pa sila kasapi ng BHB, sanay na silang gumamit ng mga herbal na halamang nakukuha ng kanilang mga magulang at ibang nakatatanda mula sa kagubatan.***

***Pamilyar na rin sila sa akupangtura, reflexology at iba pang alternatibong paggagamot na ilang dekada nang binibigay ng BHB bilang serbisyo sa kanilang komunidad. Halos pamilya na ang turing nila sa mga medik.***

Nakatutulong din itong ihanda ang BHB sa wasto, obhetibo at siyentipikong pagtugon sa mga pinsalang maaaring matamo -- sa katawan man o sa kaisipan, sa kanilang sarili o sa kanilang kasama -- na hindi maiiwasan sa anumang digmaan.

***Panawagan***

Labis ang pasasalamat ng mga kasama at masa sa mga Pulang medik. Gayumpaman, sa pag-igting ng pag-atake ng estado sa rebolusyunaryong kilusan, batid silang marami pang dapat iunlad ang kanilang mga sistema at pamamaraan.

Nariyan ang pangangailangang magpakabihasa sa pagkilala sa mga sakit at magsagawa ng mas kumplikadong operasyon, sa kalagayang nasa mataas na alerto ang rehiyon sa kabuuan.

Malinaw na may lugar sa hukbong bayan para sa mga mag-aaral at manggagawa mula sa sektor pangkalusugan na nais magbahagi ng kanilang kaalaman, matuto mula sa batayang masa, at tumugon sa panawagang buong panahong magsilbi si mamamayan.#



# Ka Kara: Medik, Martir, Rebolusyunaryo

Kung ako ang tatanungin paano ko naalala si Ka Kara noong una kaming magkakilala, siya ay simple, mahinahon, mahinhin at masikhay sa gawain.

Dati kong kakolektib si Ka Kara. Estudyanteng pangkalusugan sya noon. Taong 2001 sa kasagsagan ng kampanyang pagpapatalsik kay dating Pangulong Joseph Estrada, ginalugad namin ang mga unibersidad at eskwelahan at minomobilisa ang mga estudyanteng pangkalusugan kabilang ang kanilang mga instruktor at mga dekana papunta sa EDSA.

Daan-daang estudyanteng pangkalusugan ang napakilos noon at napalahok sa malaking pag-aalsa ng mamamayan na nagpatalsik sa kurakot at pasistang presidente.
Namulat si Ka Kara noong estudyante ng kursong BS Biology sa isang malaking pribadong unibersidad sa Maynila. Ipinanganak noong Setyembre 22, 1979, nagmula sya at ang kanyang pamilya sa Mindanao bago lumipat sa Maynila. Dalawa silang magkapatid. Agriculturist ang ama at maybahay ang kanyang ina.


Iginapang ng pamilya ang pag-aaral ni Ka Kara. Naranasan niya ang pabigat sa mga kapwa niya estudyante sa ilalim ng komersyalisadong edukasyong pangkalusugan.

Naging opisyal ng hayag na samahan ng mga estudyanteng pangkalusugan si Ka Kara. Narekluta siya sa Makabayang Samahang Pangkalusugan noong kalagitnaan ng 1990. Masikhay siyang nag-organisa sa kapwa estudyante maging sa ibang unibersidad habang binubuno ang pag-aaral. Kalaunan nag-fulltime na sya sa gawaing pag-oorganisa.

Pagsasalaysay ng aming dating kakolektib na si Ka Selina, "Hindi ko makakalimutan kung paano niya ini-assert sa kanyang mga magulang ang desisyon niya na mag-fulltime sa pagkilos para mag-organisa sa estudyanteng pangkalusugan.

Mahusay ang naging mass work at pagpapaliwanag niya sa kanyang mga magulang at kalaunan ay nagamit na rin naming bahay-pulungan ang kanilang tirahan."

Habang full time sa pag-oorganisa, madalas nababanggit ni Ka Kara na nais nyang tumugon sa panawagan para pumunta sa kanayunan. Di nga nagtagal, sumapi na sya sa Bagong Hukbong Bayan.




*Likhang sining mula sa NDFP 12-Point Program*


Isang Pulang medik na nagbibigay ng serbisyong medikal sa masa.

Noong 2013 nagkita sila ng aming dating kakolektib sa kanayunan. Tuwang-tuwa si Ka Kara at buong pagmalalaki siyang ipinakilala sa mga kasama. Mas naging mature diumano si Ka Kara kahit nanatili pa rin ang pagiging palangiti at bungisngis.

Naging medik ng rehiyon sa Kabisayaan si Kasamang Kara. Sya ang pangunahing nag-aasikaso ng rebolusyonaryong gawaing pangkalusugan sa rehiyon.

Pinangunahan niya ang pagsasanay ng mga medik at pagtitiyak sa kalusugan ng mga nagkakasakit na kasama.

Pahayag ni Ka Tara, kasama ni Ka Kara sa rehiyon, seryoso at talagang "feel na feel" ni Ka Kara ang pagiging medik. "Lagi niyang ipinapaalala sa komite na dapat palaging kasama sa pulitikal na parte ng plano ang gawaing medikal."

Maasikaso si Ka Kara sa mga pasyente. Talagang nakikinig sya sa pasyente. Parati syang nagbibigay ng payo kung paano gamutin ang sakit. Kulang man ang mga gamit at gamot, nakakapagbigay ng lunas si Ka Kara sa balanse niyang paggamit ng herbal, oriental at western na pamamaraan ng paggagamot. Masipag siyang magbigay ng training sa mga kasama at masa.

"Tunay na kahanga-hanga ang dedikasyon at kasipagan ni Ka Kara sa pagtitiyak ng mga mga trainings at services namin noon sa kanayunan," dagdag ni Ka Margaux, isang nars at dating kasama sa gawain sa rehiyon.

***"Kitang-kita sa kanya ang pagkauhaw para sa patuloy na pagpapaunlad ng kanyang kaalaman at kasanayan sa aspeto ng pagbibigay ng serbisyong pangkalusugan sa masa at mga kasama."***

Isang di malilimutang kwento ng mga kasama hinggil kay Ka Kara ay noong madakip sya kasama ang bagong silang nyang sanggol. Para makatakas sa kulungan, mapangahas niyang ibinilin sa pulis na dumakip sa kanya ang kanyang anak upang ipakuha kalaunan sa kanyang mga magulang.

Insidente ito na magpapatunay ng malalim na komitment ni Ka Kara sa rebolusyon.
Yun nga lamang marerelease naman na diumano sana siya kinabukasan, pero dahil tumakas siya, kaya naging pugante siya.

Taong 2022 nang mabalitaan kong wala na si Ka Kara. Kasama siya sa mga napaslang sa pambobomba ng berdugong militar sa kasagsagan ng pandemya noong 2021. Batay sa ulat, nag-aalaga sya sa mga kasamang may COVID-19 noong naganap ang pambobomba. Kasama niyang nasawi ang iba pang mga kasamang hukbo sa insidente.

Sobrang lungkot ang naramdaman ko. Nawalan ang rebolusyonaryong kilusan ng isang magiting na medik at hukbo ng bayan.

Hindi lamang ako ang nagluksa at naghinagpis sa pagkawala ni Ka Kara.

Lungkot at panghihinayang ang naramdaman ni Ka Tara dahil malaking kawalan ang ganitong kaganapan sa rehiyon. "Bago pa naman siya namatay, hinahanap siya ng kabilang yunit para konsultahin paano i-manage ang sakit ng isang pasyente, kaso ang sunod na balita, kasama pala siya sa namatay."

"Di ko mapigilang maging emosyonal at malungkot dahil nawalan tayo ng isa sa pinakamahusay na medik. Isang tunay na di pangkaraniwang kasama at kaibigan. Lagi siyang handang makinig sa aking mga rants at issues sa buhay. Nakahanap ako ng kapatid sa katauhan ni Kasamang Kara," ani Ka Margaux.

Si Kasamang Selina nalungkot nang husto nang mabalitaan ang nangyari. "Bumalik sa alaala ko ang mahabang panahon din ng pagkilos namin sa pag-oorganisa sa mga estudyanteng pangkalusugan.
"Pero mas importante rito, naramdaman ko ang pagmamalaki at pagpupugay sa pag-aalay ni Kasamang Kara ng kanyang buong kabataaan, panahon at buhay para paglingkuran ang sambayanan at isulong ang rebolusyon."


Pumanaw man, kailanman ay hindi malilimutan si Ka Kara ng sektor pangkalusugan, ng mga kapwa medik at mamamayang kanyang pinaglingkuran at pinag-alayan ng buhay.

Bayani at martir ng sektor pangkalusugan at rebolusyonaryong kilusan si Ka Kara. Ang kanyang buhay ay inspirasyon sa marami upang patuloy na maglingkod sa mamamayan at mag-alay ng kasanayan, kaalaman at buhay para sa pagtatagumpay ng rebolusyon.#



*Likhang sining mula sa NDFP 12-Point Program*

# SOLUSYON SA KRISIS PANGKALUSUGAN:



## DEMOKRATIKONG REBOLUSYON NG BAYAN!



Madaling araw pa lamang ay nakapila na sa isang pampublikong ospital sa Maynila si Nanay Salud. Kailangan niyang gawin dahil laging napakahaba ng pila ng mga pasyente sa ospital at wala namang siyang pera para magbayad sa pribadong klinik o ospital. Ipinatingin ni Nanay Salud ang mahigit apat na araw na niyang pag-ubo at lagnat. Noong araw na iyon, sa kabila ng pagpunta niya nang maaga ay nasa mahigit pang-isandaan na siya sa pila. Muntik na siyang hindi umabot sa cut-off na bilang ng mga pasyente. Sabi ni Nanay Salud tuwing pipila siya sa ospital, kadalasan ay pinakamaaga na ang tanghali bago siya matingnan ng doktor.

Matapos matingnan si Nanay Salud, sumunod ang isa pang problema, paano niya bibilhin ang mga iniresetang gamot sa kanya ng doktor – mucolytic para sa ubo at antibiotic na iinumin sa loob ng 7 araw. Kahit generic na gamot ang kanyang bibilhin, kakailanganin niya ang hindi kukulangin sa limang daang piso para mabili ang mga gamot. Sabi ni Nanay Salud, alam niyang kailangan niyang kumpletuhin ang pag-inom ng antibiotic pero hindi niya ito mabibili nang kumpleto dahil mas mahalaga ang pambili ng pagkain ng kanyang pamilya. Sabay buntong-hininga, sinabi niyang hindi niya nararamdaman ang pangako ng pamahalaan na kalusugan daw para sa lahat, na magiging libre na ang pagpapagamot.

Sa halos lahat ng pampublikong ospital, libu-libo ang katulad ni Nanay Salud na matiyagang pumipila upang magpagamot. At sa maraming iba pa, ang mas mapait na karanasan na hindi matanggap sa ospital dahil sa kawalan ng pera, ang maghintay hanggang sa kawalan upang matingnan sa emergency room habang ang higit na mas marami ay nagpapasya nang hindi magpatingin sa mga iniinda nilang sakit o hindi na bibili ng mga iniresetang gamot dahil sa kawalan ng pera.

## *NASA KRISIS ANG SISTEMANG PANGKALUSUGAN NG BANSA*

Nasa malubhang krisis ang sistemang pangkalusugan sa bansa at ang krisis na ito ay bahagi at salamin ng krisis ng nabubulok na sistema ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino. Nakaugat ang krisis sa kalusugan ng bansa sa mas malaki at mabigat na suliranin ng sistemang panlipunan sa bansa. Ang imperyalistang kontrol sa ekonomya at pulitika ng bansa, burukrata kapitalismo at pyudalismo ang ugat nang hindi maampat na kahirapan ng mamamayang Pilipino at ng patuloy na pagkalugmok ng kanilang kalusugan. Ang sistemang panlipunan na ito ang nagtatakda sa sistemang pangkalusugan ng bansa.


Ito ang pagsusuri ng Makabayang Samahang Pangkalusugan (MSP) sa dinaranas na suliraning pangkalusugan hindi lamang ni Nanay Salud kundi ng malaking bahagi ng sambayanang Pilipino.

Naghihingalo ang sistemang pangkalusugan dahil sa mahabang panahon ng kawalan ng pagpapahalaga, kapabayaan at katiwalian ng pamahalaan na tiyakin ang kalusugan ng mamamayan. Sa napakahabang panahon, nangangayupapang ipinatutupad mula ng dekada 80 ang imposisyong neo-liberal at patakarang pang-ekonomya at pulitika kabilang na ang sa kalusugan. Ang imperyistang neo-liberal na patakaran tulad ng malubhang komersyalisasyon at pribatisasyon sa serbisyong pangkalusugan, ang patuloy na pagkaltas ng badyet para sa kalusugan ang higit na nagpadausdos ng krisis sa kalusugan. Ang negosyong pangkalusugan lalo na ang industriya ng gamot, teknolohiya at suplay medikal at maging ang pampublikong sistemang pangkalusugan ay kontrolado ng imperyalismo.

Ipinagyayabang ng rehimeng Marcos at ng Department of Health ang Universal Health Care o "Kalusugan para sa Lahat" na sagot daw sa pangangailangang pangkalusugan ng mamamayan. Ang mapanlinlang na Universal Health Care (UHC) ay walang iba kundi ang pribatisasyon at higit na komersyalisasyon ng serbisyong pangkalusugan. Sa UHC at Philhealth, patatakbuhin ang kalusugan ng mamamayan sa balangkas ng komersyalisadong iskemang pang-insurance, kung saan ang bawat sakit ay may katumbas na case rate ngunit hindi lahat ng gastusin ay covered o sasagutin. Nagbabayad ang mamamayang Pilipino at nagbubuhos ng bilyung-bilyong pondo ang pamahalaan sa punung-puno na korupsyon at anomalyang PhilHealth.


Lubhang nasa krisis din ang kalagayan ng mga manggagawang pangkalusugan. Napakalala ng kakulangan sa bilang o understaffing ng health personnel sa bansa. Sila ay labis na inaaapi at pinagsasamantalahan – napakababa ng sahod habang sobra-sobra ang oras ng paggawa; kalunus-lunos ang kanilang kalagayan sa paggawa at ipinagkakait ang kanilang mga benepisyo. Ang mga kalagayang ito ang nagtataboy sa mga manggagawang pangkalusugan upang mangibang-bayan.



## HATIAN SA PAGBABAYAD NG KASALUKUYANG GASTUSIN SA KALUSUGAN SA TAONG 2023

(***Share to Current Health Expenditure by Health Care Financing Scheme, Philippine Statistics Authority***)







### *DEMOKRATIKONG REBOLUSYON NG BAYAN ANG SOLUSYON SA KRISIS PANGKALUSUGAN*

Ipinaglalaban ng Makabayang Samahang Pangkalusugan kasama ng sektor pangkalusugan at ng sambayanang Pilipino ang pagkakamit ng isang sistemang pangkalusugan na siyentipiko, nakaugat sa masa, umaasa sa sarili at tumutugon sa pangangailangan ng mamamayan. Ngunit ang sistemang pangkalusugang ito ay makakamit lamang sa pamamagitan ng pagsusulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa ilalim ng matibay na pamumuno ng uring manggagawa sa pamamagitan ng Partido nito, upang gapiin ang tatlong saligan suliranin ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Isinasanib ng MSP ang pakikibakang pangkalusugan sa kabuuang pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba.

Kapalit ng kasalukuyang bulok na sistemang pangkalusugan, ang programa ng National

Democratic Front para sa bagong sistema pangangalagang pangkalusugan ay magbibigay-diin sa mga serbisyong prebentibo para sa mamamayan. Bibigyan ng espesyal na atensyon ang primaryang pangangalaga sa kalusugan na nagpapalakas sa ganap na partisipasyon sa mga programang pang-mamamayan na mabisang nakaugnay sa mga ospital at ibang mga sistemang pansuportang medical. Pauunlarin at itataguyod ang mabisa at angkop na teknolohiyang medical gayundin ang integradong impra-istrukturang pangkalusugan lalo na sa eryang rural.

Napakahalaga ang paglahok ng sektor pangkalusugan sa pagsusulong at pagtatagumpay ng Demokratikong Rebolusyong Bayan. May ispesyal na halaga ang sektor pangkalusugan sa pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusang masa at tuluy-tuloy na pagtugon sa mga pangangailangang pangkalusugan na ibinubunga ng rebolusyonaryong digma. Kasabay nito ay ang pagbubuo ng rebolusyonaryong sistemang pangkalusugan.

Aktibo ang paglahok ng mga kasapi ng MSP sa hanay ng mga doktor, manggagawang pangkalusugan at istudyanteng pangkalusugan sa mga gawain ng rebolusyon.

Maraming bilang ng mga kasapi ng MSP ang tumungo sa kanayunan para sa kagyat na tungkulin ng mga pagsasanay at panggagamot. Mula rito ay ilan libong medik ng Bagong Hukbong Bayan at mga kasapi ng rebolusyonaryong organisasyong masa ang nasanay upang tugunan ang pangangailangang pangkalusugan ng kanilang mga yunit at komunidad. Gayundin, higit na marami pang bilang ng mga kasapi ng MSP na buong-pusong nagbibigay ng serbisyong medikal, mga gamot atbp pangangailangan ng mga kasamang nagkakasakit o nasusugatan.

Sa kalunsuran, ang mga kasapi ng MSP ay aktibong lumalahok sa mga pakikibakang masa upang ipaglaban ang karapatan sa kalusugan ng mamamayan, ang karapatan at kagalingan ng mga manggagawang pangkalusugan habang inuugnay ang kanilang paglaban sa rebolusyonaryong kilusang masa.

Mahaba man ang daan tungo sa pagkakamit ng isang sistemang pangkalusugan na siyentipiko, nakaugat sa masa, umaasa sa sarili at tumutugon sa pangangailangan ng mamamayan, patuloy na magpapalawak at magkokonsolida ang MSP upang harapin ang mga hamon ng rebolusyon at ang paglalatag ng isang rebolusyonaryong sistemang pangkalusugan.

***Sa tagumpay ng rebolusyon at sa pagtatayo ng sosyalismo na kakalinga at magtitiyak sa kagalingang panlipunan ng mamamayan, hindi na mararanasan ni Nanay Salud at ng sambayanang Pilipino ang pagdurusang dinanas nila sa ilalim ng bulok na sistemang panlipunan.***#



*Likhang sining mula sa NDFP 12-Point Program*

# Sining at Panitikan

## Manggagawang Pangkalusugan, bayani ka nga ba?

*Tula ni Red*

Ano nga ba ang buhay ng isang mangagawang pangkalusugan?
Ano nga ba ang hamon at isyu na dapat tugunan?
Paano maipapahiwatig ang kakulangan sa health care system?
Paano maisisiwalat ang kawalan ng sapat na sahod at benepisyo?
Na dapat nga ba na ito ay balewalain?
Bayani naman daw tayong itinuring?

Sa pagdating ng pandemya alam kaya ng estado ang bigat at pasanin sa trabaho
Ang panganib sa kalusugan dahil sa sobra sobrang gawain
Maibigay lang ang kalinga sa mga pasyenteng pinaglilingkuran
Ang unti-unting pagkatigang dahil sa mababang moral
pagod at stress at mamatay dahil sa nakakamatay na virus na ito
Dapat nga ba na ito ay balewalain?
Bayani naman daw tayong itinuring.

Maipapakita ba sa tulang ito ang kawalang malasakit ng rehimeng ito?
Ang milyong  mamamayang nangangailangan ng serbisyong publiko

Ang kakulangan sa pagsuporta ng papet na
estado sa mga health worker at pasyenteng
nangangailangan ng sapat na budget
pangkalusugan.
Na dapat nga ba na ito ay balewalain?
Bayani naman daw tayong itinuring.

Kung kaya’t ang mamamayan ay nananatiling
dukha sa pangkalusugang kalagayan.
Ang tinatawag na bayani ay nananatiling
bayani sa salita lamang
At tanging ako, ikaw, kasama ang mamamayang
api at pinag sasamantalahang uri sa lipunan
Ang siyang makakapagbago sa sistemang bulok
na ating kinalalagyan

Kaya’t kinakailangan nating lumaban
pakilusin ang laksa-laksang manggagawang
pangkalusugan kasama ang malawak ng mamamayan
Patuloy na magpalakas at makibaka upang
gapiin ang tatlong salot sa ating Lipunan
Imperyalismo, Pyudalismo at Burukrata
Kapitalismo!
Palitan ng sistemang gagamot sa mga ugat
ng mga sakit ng Lipunan!

**Lumahok sa armadong pakikibaka!**
**Isulong at ipagtagumpay ang Digmang Bayan!**



*Likhang sining mula sa NDFP 12-Point Program*

**Ang Rebolusyonaryong Lunas**

**Ang Opisyal na Pahayagan ng Makabayang Samahang Pangkalusugan - National Democratic Front of the Philippines (MSP-NDFP)**